
جمعية سبيلي

Jeddah Midwest Dawah Association

جمعية وسط وغرب جدة الأهلية

للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات



# ISLAM

## ANG IYONG LIKAS NA KARAPATAN PAGKASILANG

الإسلام دين الفطرة

اللغة الفلبينية

## ISLAM ANG IYONG LIKAS NA KARAPATAN PAGKASILANG

WALANG ALINLANGAN NA ITONG BUHAY AY ISANG PANAHON NG PAGSUSULIT NA NANGANGAILANGAN NG IYONG BUONG PAGSASAALANG-ALANG KUNG ANO ANG IYONG DADALHIN SA HULING HANTUNGAN. ANG TUNAY NA PANINIWALA AT MABUTING MGA GAWA LAMANG ANG IYONG LANDAS TUNGO SA KALIGTASAN.

**Ikaw ba ay naghahanap ng paniniwala na:**

- magsasanggalang sa iyo sa nararamdamang pagkaligaw sa buhay na ito;
- batay sa katuwiran;
- makapagbibigay sa iyo ng kapayapaan ng isip at puso;
- matatanggap pang-siyensya (maka-agham);
- hindi isang bulag na pananampalataya?

Kung gayon, basahin ang mahalagang pahatid o mensaheng ito!!

"Sa ngalan ng Allah(1) ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin."

Ang pananatili o pagkakaroon ng tao at ng buong sanlibutan ay hindi isa lamang sakuna o likha ng isang pagkakataon. Itong sanlibutan, at ang lahat ng nilalaman nito, ay nagpapatunay at nagtuturo ng pagkamulat sa isang lubos-na-Makapangyarihang Maylikha. Samakatuwid, tungkulin ng isang tao na malaman ang kanyang Pinaglilingkuran at Maylikha, ang ALLAH.

Ito ay nangangahulugan na kailangang mayroong isang Maylikha (Diyos) sa likuran ng ating pananatili. Katunayan, ang ALLAH (ang Tanging Tunay na Diyos) ay nagsabi sa atin tungkol sa Kanyang Sarili sa pamamagitan ng banal na patnubay na Kanyang ipinadala sa mga tao. Ang sangkatauhan ay tumanggap ng banal na patnubay sa pamamagitan ng mga sugo na pinili ng Allah upang maghatid ng Kanyang mensahe sa mga tao at maging mga buhay na halimbawa para sa kanilang mamamayan. Ang mga sugong ito ay ipinadala sa tao upang sabihin sa kanya kung sino ang Maylikha sa kanya, ano ang layunin ng kanyang pagkakalikha, at ano ang mangyayari sa kanya pagkatapos ng kanyang kamatayan, at marami pang iba. Dala nila ang magkatulad na mensahe: Monoteismo - ang pagsamba sa Allah lamang. Subalit, sila ay nagkaiba lamang sa katuruan (batas kanoniko) na kanilang ipinakilala sa kanilang mga mamamayan.

(1) ALLAH, ang pangngalang pantangi ng Pinakamakapangyarihang Diyos sa wikang Arabik ay nangangahulugan ng nag-iisa at tanging tunay na Diyos ng buong sanlibutan.

Ang pahatid o mensaheng ito ay ipinangaral ng lahat ng mga Propeta ng Allah. Ngunit ang mga naunang mensahe ay nangawala o binaluktot ng mga sumunod na henerasyon. Ang kinalabasan, ang dalisay na mensahe ay nadumihan ng mga alamat, pamahiin, pagsamba sa diyos-diyosan at makitid na pang-unawa. Ngunit ang Allah, ang Pinakamahahabagin, ay hindi iniwanan ang tao upang maligaw. Sa katunayan, Siya ay nagpadala ng mga Propeta upang ibalik sa dati ang orihinal na mensahe at tawagin ang tao pabalik sa tamang landas. Ang pinakahuli sa mga Propetang yaon ay si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at mga pagpapala ng Allah[(2)]) na siyang nagpakita ng patnubay ng Allah sa pinakahuli nitong anyo: Islam, para sa lahat ng panahon at lahat ng tao.

Ang Islam ay isang salitang Arabik na nagpapahayag ng pagsuko at pagsunod. Bilang isang relihiyon, ang Islam ay tanda ng ganap na pagsuko at pagsunod sa Allah. Ang isa pang literal na kahulugan ng salitang Islam ay "kapayapaan," at ito ay nagpapahiwatig na makakamit ninuman ang tunay na kapayapaan ng isip at puso at kapayapaan sa buong lipunan sa pamamagitan lamang ng pagsuko at pagsunod sa Allah.

## MGA MUSLIM, ANG KAINAMANG BANSA

Ang pangunahing katangian ng Islamikong kaisipan o konsepto ng pamumuhay ay ang hindi nito pagkilala sa isang hidwaan o paghihiwalay ng espirituwal at makalupang buhay. Gayon din, hindi ito kumikilala ng pinakasukdulan: sa ritwalismo lamang, sekularismo[(3)], o materyalismo lang. Sa isang Muslim, lahat ng mga bagay-bagay sa buhay, ang espirituwal at materyal, ang palakad-bansa at ang relihiyon ay may kaugnayan sa isa't isa sapagkat ang lahat ay para sa Allah at tanging Allah lamang. Ang Islam ang nagkakaloob ng tiyak na alituntunin sa lahat ng tao upang sundin sa lahat ng kalakaran sa buhay: pansarili o isahan, panlipunan, pag-uugali, pampamahalaan, pampolitika, pananalapi, espirituwal o pang-kaluluwa, at iba pa. Dahil sa ganitong pakikitungo nang katamtaman, tinataguriang ng Qur'an ang mga Muslim na "Kainamang Bansa."

## PINAGMULAN NG MGA KATURUANG ISLAMIKO

Ang Islamikong kalinangan o pamumuhay ay batay sa mga katuruan ng Qur'an at ng Sunnah. Ang Banal na Qur'an ang siyang pangunahing

(2) Ang kapayapaan at mga pagpapala ay ipinahahatid kay Propeta Muhammad at lahat ng mga Propeta bilang pagpapahayag ng pag-ibig at pag-galang sa kanila.

(3) Sekularismo, kakaiba at atubiling pakikitungo o pagtanggi sa relihiyon at pag-iwas sa anumang bagay tungkol sa pananampalataya.

pinagmulan ng Islamikong katuruan at batas[4]. Ito ay salita ng Allah na inilahad o idinikta kay Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ni anghel Jibreel. Ito ay baha-bahaging ipinahayag at isinulat noong panahon ng Propeta at sa ilalim ng kanyang pangangasiwa sa dahon ng palma, katad, mga bato, at iba pa. Bilang karagdagan, libo-libong mga kasamahan ng Propeta ang nagsaulo ng Banal na Qur'an. Pagkaraan ng kamatayan ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), ipinagkatiwala ng unang pinunong (Kalipa) si Abu Bakr ang pagtitipon ng buong Qur'an sa isang kabuuan. Ito ay nanatili sa kanyang kabuuan hanggang sa ikatlong pinunong (Kalipa) si Uthman na siyang naghanda ng maraming sipi o kopya at ipinadala ito sa ibat-ibang pook na nasasakupan ng Muslim. Magmula noon hanggang ngayon (halos labing apat na raang taon na ang nakalilipas), ang walang pagbabagong salin ay ginagamit pa rin sa kanyang eksaktong mga salita, kaayusan at wika na walang isa mang dagdag o bawas. Sa maikling salita, ang Qur'an ang siyang tanging natitirang tunay na banal na pahayag na nakahanda para sa sangkatauhan ngayon na mataas ang pagkilala dahil sa malinaw na kasaysayan nito, hindi-mahahamong kawastuhan, hindi-mapag-aalinlanganang katunayan at buong pagkakaimbak, ayon sa eksaktong wika ng pahayag. Ang Sunnah ay ang katuruan, kasabihan at kagawian ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), na maingat na tinipon at iniulat ng kanyang mga kasamahan (nawa'y gantimpalaan ng Allah silang lahat). Ito ang nagpapaliwanag at pumapaksa sa mga talata ng Qur'an.

## ANG ISLAM ANG RELIHIYON NG PAGKAKA-PANTAY-PANTAY

Walang itinatangi o kinikilingang tao sa Islam batay sa kulay, lipi, lahi, saling-lahi, at iba pa dahil lahat ng tao ay nanggaling sa isang ama at isang ina: sina Adan at Eba. Itinuturo ng Islam na ang batayan ay kabutihan o kadalisayan. Sa isang talata ng Banal na Qur'an ay mababasa: "Ang pinakamarangal sa paningin ng Allah ay yaong may taqwa[5]." (Al-Hujurat: 13)

---

(4) Ang Qur'an ay nagpapa-ala-ala sa tao ng layunin ng kanyang buhay, ang kanyang tungkulin sa kanyang sarili, sa kanyang mga magulang at kamag-anak, sa kanyang pamayanan at sa kanyang Maylikha.

(5) TAQWA: Pananggalang sa kaparusahan ng Allah SWT sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa kanyang mga ipinagbabawal.

## ANG ISLAM ANG IYONG LIKAS NA KARAPATAN PAGKASILANG

Bawat isa ay isinilang sa purong Monoteismo, kung gayon, ang tumanggap sa Islam ay hindi upang talikuran ang lahat ng mga naunang Propeta. Ito ay pagbabalik, hindi pagpapalit, sa dating Monoteismo na tayong lahat ay nalikha at ito ang dahilan kung bakit ang Islam ay iyong karapatan mula sa pagsilang. Subalit, ang mga magulang o pamayanan ang nagpapabago sa bata sa ibang pananampalataya o walang dinidiyos (ateismo).

## BATAYAN NG KATOTOHANAN

Ikaw ba ay sumusunod sa tamang paniniwala? Ang batayan ng tunay na pananampalataya ay simpleng itinala ayon sa mga sumusunod:

1. Makatwirang mga Aral: Ang sangkatauhan ay nararapat na gamitin ang kanyang katwiran at karunungan upang malaman ang katotohanan sa kamalian.
2. Walang Kamalian: Yamang ang Allah ang kaganapan ng lahat, ang Kanyang pahayag ay kinakailangang walang kapintasan at lubos na malaya sa anumang salungatan o kamalian.
3. Walang Alamat o Pamahiin: Sapagkat ang pahayag mula sa Allah ang siyang lubos na makatotohanang karunungan na maaring angkinin ng tao.
4. Maka-agham (Maka-siyensya): Ang banal na kapahayagan ay makatotohanan, laging kayang panindigan ang paghamon ng lahat ng mga natutuklasan ng tao sa larangan ng agham o siyensya.
5. Mga Hula: Ang Allah ang nakakaalam ng lahat ng bagay, kaya, ang mga hula sa Kanyang kapahayagan ay matutupad.
6. Hindi matutularan ng tao: Ang tunay na pahayag mula sa Allah ay walang kamalian, buhay na himalang hindi kayang tularan ng tao.

Bilang pagtatapos, ang Islam ay hindi isang bagong relihiyon. Ito ay, sa katunayan, ang magkatulad na mensahe at patnubay na ipinahayag ng Allah sa lahat ng Kanyang mga sugo at muling ipinahayag sa malawak, buo at pangwakas na anyo nito[(6)]. Ito ay isang pagpapatuloy at ang kasukdulan ng lahat ng mga naunang relihiyon dahil ating nababatid na ang kanilang pinagmulan ay iisa at magkatulad: ang Allah.

(6) Sa ganoong kamalayan, hindi dapat ituring ang Islam na isang pagbabago na dumating sa pagsapit ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) kundi bilang pangunahing layunin ng lahat ng mga sugo sa buong kasaysayan.

Sa isang talata ng banal na Qur'an ay mababasa: "Ngayong araw na ito ay ginawa Kong ganap (perpekto) ang inyong relihiyon para sa iyo, at binuo Ko na ang aking mga biyaya sa iyo, at kinalulugdan Ko ang Islam bilang inyong panuntunan sa buhay (relihiyon.)" (Al-Ma'idah: 3). Karagdagan pa, ang Islam, bilang pinakahuling mensahe mula sa Allah na siyang kaganapan, pumapalit at nagpipinid sa lahat ng mga naunang relihiyon, ay nagpapasabalikat sa bawat tao na buong kalinawang nakaririnig sa Mensahe nito na tanggapin at sundin ito. Ang isa pang talata ng banal na Qur'an ay nagsasabi: "Sinuman ang maghahangad ng ibang relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi tatanggapin sa kaniya, at sa kabilang buhay, siya ay mapapasama sa mga hanay ng mga talunan." (Al-Imran: 85).

Ngayon, ipinakita sa iyo ng Allah ang tamang landas at sa gayondin ipinagkaloob sa iyo ang kalayaang pumili at kagustuhang tanggapin o hindi ang mensahe ng Islam.

Nawa ang liwanag ng katotohanan ay magliwanag sa ating mga puso at kaisipan. Nawa ay dalhin tayo nito sa kapayapaan at katiyakan sa buhay na ito at walang hanggang kaligayahan sa kabilang buhay.

Ito ay isang sinusugang salin ng "Islam is Your Birthright" na naunang inihanda ni M. Suliman.

---

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa Islam, maaari kayong makipag-ugnayan sa tanggapang makikita sa ibaba o sa pinakamalapit na samahang Muslim o tanggapan sa inyong bayan.

920008669
0558845030
www.jeddawa.sa
JedDawaSA
مسجلة في المركز الوطني لتنمية القطاع غير الربحي برقم ( ٣١٩٧ )
SA6780000223608010010008
SA0510000013149477000102